

Ang Wika sa Amaya Bilang Tagapaghayag ng Sinaunang Kalinangan

Vasil A. Victoria, Ph.D.
Ateneo de Naga University

Introduksiyon

Prinsipyong pangwika nang maituturing na hindi maipaghihiwalay ang wika at kultura. Sa pamamagitan ng wika ay makikilala ang isang bukod-tanging kultura at sa tulong naman ng kultura ay mas lalong yumayabong ang wika. Kapag walang wika, walang kulturang mabubuo gayundin ang kabaligtaran nito. Mababakas sa wika ang imahen o hulagway ng isang yunik na kultura. Sa madaling sabi, tagapaglarawan ang wika ng isang kultura habang sa kultura naman mas nagagamit ang isang partikular na wika. Sa tanong na paano nahahayag sa wikang ginamit ang kalinangan ng mga Filipino, mahalagang pumili lamang sa bahaging ito ng pananaliksik ng mga susing termino sa mismong palabas upang madiskurso ang tanong na ito. Mas mahalagang tutukan sa diskursong ito ang aspekto ng kultura at kung paano ito ipinakita, inilarawan at ipinamuhay sa mismong palabas na Amaya.

Ang Wika Bilang Tagapaglarawan ng Kalinangan

Sa dami ng terminolohiyang ginamit sa palabas na Amaya, pumili lamang ang mananaliskik ng limang salitang batbat ng kahulugang kultural. Ang pagpili ng termino ay nakasalalay sa tatlong mabigat at matinding dahilan. Una, ang kabaguhan ng termino sa pagpapahayag sa Filipino partikular sa mga palabas sa telebisyon. Ibig sabihin, ang mga terminong ito ay bibihirang makilala at maunawaan ng karamihang Filipino sa pangkalahatan. Maaaring ang salitang ito ay kilala at mauunawaan lamang sa isang tiyak na lugar at panahon kung saan at kailan ito umiiral. Karagdagan, sa panig ng mananaliksik, naipakilala nang husto ang salitang ito sa tulong mismo ng palabas na Amaya. Pangalawa, ito ang mga terminong sinaliksik na ng ilang eksperto at palaisip

sa larang na ito. Maaaring nagawaan na ito ng tesis o disertasyon ngunit sa iisang paksa lamang umiikot ang buong diskursong ito. Sa madaling sabi, sa papel na ito, pagsasama-samahin ang mga tilad-tilad na konsepto mula sa iba't ibang batis. Nangyari ang holistikong pagtinging ito sa kalinangan ng mga Filipino sa tulong ng palabas na Amaya. Pangatlo, ito ang mga salitang sa tingin ng mismong mananaliksik ay siyang pinakatinatampok sa palabas na Amaya. Ito ang tinutukan ng buong produksiyon at binigyang ng masinop at masinsing detalye at pananaliksik upang makaakma sa kahingian ng konteksto. Ibig sabihin, pinag-aralang mabuti kung paano ito inilarawan sa palabas na Amaya upang pumasok sa kamalayan ng target na manonood nito.

Talahanayan Blg. 1

Mahalalagang Terminong Naglalarawan ng Kalinangang Katutubo	Maikling Kahulugan
1. Binukot	<i>Babaeng itinago</i>
2. Oripun	<i>Alipin</i>
3. Pangangayaw	<i>Pamumugot-ulo</i>
4. Batuk	<i>Pintados, tattoo</i>
5. Babaylan	<i>Babaeng manggagamot</i>

Pagtalakay

Ang Binukot sa Amaya

Inihayag sa mismong diyologo sa palabas na Amaya ang konsepto ng binukot. Si Amaya bilang pangunahing tauhan ay naging binukot sapagkat anak siya ng isang datu (Bugna). Sapagkat isinilang na may kambal-ahas, nangangahulugan lamang ito na espesyal o bukod-tanging nilalang si Amaya. Nabigo si Datu Bugna na magkaroon ng anak na lalaki kay Lamitan (ang kaniyang orihinal na asawa). Hindi na maaaring magkaanak si Lamitan ayon sa mismong palabas kung kaya't wala nang pag-asa ang pangarap ni Bugna na magkaroon ng tagapagmana. Nabuhayan lamang ng loob si Datu Bugna nang malaman niyang may kambal-ahas ang

kaniyang mabao (anak sa labas). Anak nina Dal’lang at Bugna si Amaya. Si Dal’Lang ang oripung labis na minamahal ni Datu Bugna. Ito ang naging dahilan ng labis na pagkapoot at paninibugho ni Lamitan kay Dal’Lang.

Naging binukot si Amaya sa kagustuhan ng kaniyang ama. Sapilitan itong inihiwalay sa kaniyang ina. Bilang oripun, walang nagawa si Dal’Lang kahit pilit niyang ipinaglaban na makuha si Amaya kay Datu Bugna. Ano-ano ang kalinangang Filipino ang ipinakita sa palabas na Amaya partikular sa pagiging binukot? Bukot ang tawag sa silid na tinitirhan ng mga binukot. Ang binukot ay dapat babae. Binukot ang tawag sa sinumang babaeng pinili at hinirang para sanayin ng kanilang tradisyon o kaugalian. Sa mismong palabas, ipinakita kung paano ang buhay ng isang binukot sa pamamagitan nina Amaya, Binayaan at Marikit (ang huling dalawa ay kapatid ni Amaya sa ama). Ikinukulong sila sa kanilang bukot. Mahigpit na ipinagbabawal ng kanilang kaugaliang lumabas ang isang binukot. Sa loob ng bukot, tinuturuan silang kumanta, sumayaw, maghabi, tumugtog ng kudyapi, bumigkas ng kandu (epiko). Si Amaya bilang tauhan ay magaling kumanta. Isa ito sa mga pagsasanay na kaniyang pinagkadalubhasaan. May isang eksena mismo na kinanta ni Amaya ang ilang bahagi ng epiko tungkol kay Labao Donggon. Sa katunayan, maraming eksena sa palabas na ipinapakitang kumakanta si Amaya at nakakahalina ang kaniyang tinig. Bukod sa pagkanta, tinuruan din si Amaya na humawak ng kampilan. Alam ni Datu Bugna bilang ama na may tungkuling gagampanan si Amaya. Wala pa mang katiyakan sa kung ano ang magiging tungkuling ito, sinanay na ni Bugna ang anak kung paano makipaglaban hawak ang kampilan. Isa ito sa mga kontrobersiyal na ipinukol ng mga kritiko sa palabas na Amaya sa usapin ng pagiging binukot ng mismong bida. Hindi daw dapat o maaaring maging angaway o mandirigma ang isang binukot. Sa pakikipanayam ng mananaliksik kay Villan (2014) kaniyang sinabi na tama ang pananaw na ito sa kasalukuyang konteksto. Ideal nga sa isang binukot na huwag humawak at magsanay ng kampilan. Pero sa pananaw ni Villan, may mga binukot noon pa man na sadyang tinuruan ng ganitong siste. Kung tutugaygayin ang nakaraang kasaysayan, may mga patotoo na hindi nalilimita ang pagiging binukot sa mga gawaing pambabae. Dagdag pa ni Villan na sa kasalukuyang konteksto, niromantasize ang

pagiging binukot na kung tutuosin daw ay hindi naman fix o attic na konsepto ito.

Ipinakita rin sa palabas na Amaya na hindi maaaring basta makita ninuman ang mukha ng isang binukot lalo na ng isang lalaki. Makikita lamang ng isang lalaki ang mukha ng isang binukot sa oras mismo ng kanilang kasal. Bawal ding umapak sa lupa ang sinumang binukot. Ang pag-apak ng binukot sa lupa ay paglapastangan sa kaniyang lahi at dangal bilang mataas na uri ng tao sa kanilang lipunan. Sagisag ng kalinisan ang hindi pagtapak na paa sa lupa ng isang binukot. Nang sapilitang kunin ng isang oripun (si Badu) si Amaya dahil sa utos ni Lamitan ay napadad sila sa gitna ng gubat. Buti na lamang ay iniligtas si Amaya ng kaniyang kapid (kambal) na ahas. Nang makita si Amaya ni Bagani sa ibabaw ng malaking bato at may pagbantulot si Amayang bumaba at umapak sa lupa, agad nahinuha ni Baganing isang binukot si Amaya kaya kaniya itong binuhat. Ipinagbabawal din ng kaugalian na makitang hubad ang isang binukot (nangyari ito nang maging oripun na si Amaya). Lahat ng mga pangyayaring ito sa buhay ng mga binukot sa tulong ng mga pangunahing tauhan ay sinikap ipakita sa palabas na Amaya.

Kapansin-pansin din na magara ang bukot ng mga binukot. Bukod sa pagiging magara ng bukot, malaprinsesa rin ang kasuotan ng mga binukot. Sa katunayan, bai o prinsesa ang tawag kina Amaya (kasama sina Marikit at Biniyaan) ng sinuman. Kung lalabas man ang isang binukot, kailangan niyang sumakay sa duyan at dapat natatakpan ito ng makapal na tela upang hindi makita ang kanilang mukha. Bitbit ang duyan ng mga oripun habang sakay-sakay ang isang binukot. Ipinakita rin sa palabas na Amaya ang isa sa mga larong ginagawa ng mga binukot bilang pampalipas-oras, ito ang kunggit o sungka. Isa itong uri ng laro na yari sa mahabang kahoy na may 14 na uka/butas at doon inilalagay at ipinapasa-pasa ang mga bato o anumang butil hanggang sa makarating sa pinakadulong uka/butas.

Ipinakita rin sa mga binukot ang pagkakaroon ng mga palamuting yari o gawa sa bulawan o ginto. Makikinang at naglalakihan ang mga bulawang ito. May husay sila sa kanilang mga buhok na yari din sa bulawan. Ang husay ay isang uri ng kagamitan na madalas ay suklay o turban na inilalagay sa buhok ng isang binukot. Mahalaga ang husay na ito sapagkat may sagisag

itong dinadala o karga-karga. Kapag ibinigay ng isang binukot ang kaniyang husay sa sinumang lalaki, ibig sabihin ay iniibig niya ito. Sa palabas na dinidiskurso, ang mga binukot (Amaya, Marikit, Binayaan) ay mga anak ng datu.

Sa palabas na *Eye Witness* na may pamagat na “Huling Prinsesa” (2004) ni Kara David tungkol sa mga binukot, detalyadong ipinakita at inilarawan sa dokumentaryo ang buhay ng mga binukot. Maraming eksena sa Amaya na tagpi sa mismong dokumentaryo gaya ng diniskursong paglalarawan sa buhay ng mga binukot. Sa panayam kay Villan (2014) kaniyang nasabi na ito (dokumentaryo) ang kumiliti kay Suzette Doctolero upang itampok sa palabas na Amaya ang kultura ng pagiging binukot. Tunay na pangyayari ang pagiging binukot sa kalinangan ng mga sinaunang Filipino. May mga binukot pa rin hanggang sa kasalukuyan sa ilang panig ng lugar sa Filipinas. Sa masteral tesis ni Domingo (2014) tungkol sa mga binukot, kaniyang nasabing itinuturing na huling prinsesa sa malalayo at mabubundok na lugar sa Tapaz, Capiz, ang pinakamaganda at pinakamaputi na inihahalintulad sa diwata o diyosa, sila ang mga binukot. Ang babae ng kasaysayang bihirang napag-uukulang-pansin, ang dalaga ngunit sa itinakdang panahon ay ipapakasal. Ang mga binukot ang nagdadala ng kasikatan at karangalan sa kaniyang pamilya kaya minarapat na mabuhay nang malaprinsesa kabilang na ang pagkakaroon ng mga tagapagsilbi at hindi paggawa ng mabibigat na gawain. Sa sariling kuwerto, kaniyang ginugugol ang bawat araw sa pananahi, pagbuburda at higit sa lahat ang pag-aaral, pagmememorya at pagbigkas ng kanilang makasaysayang epiko. Dahil sa mga gawaing ito, itinuturing na isa sa pinakamahasag na tagapagbigkas (chanter) ng kanilang epiko ang binukot. Sa kabuoan, ang binukot ay nangangahulugang itago, hindi ipakita, nakakulong lamang sa isang silid at sa oras ng kaniyang kasal lamang masisilayan kaalinsabay ng pagkaputol sa kaniyang gawain at pananagutan bilang binukot. Ito rin ang sinabi ni Barrios (118) na halos hindi na nga siya (binukot) natatamaan ng sikat ng araw. Nasa loob lamang siya ng bahay sa mahabang panahon. Siya ang tinatawag na binukot. Ang mga pag-aaral na ito nina Domingo at Barrios maging ng *Eye Witness* ay matagumpay na nailarawan sa palabas na Amaya. Bagama’t likhang isip ang palabas, malinaw na naipakita kung ano ang konsepto ng binukot sa katutubong kalinangan. Sapagkat ang

Amaya ay likhang-pantelebsiyon, malinaw rin kung bakit hinaluan na ito ng sangkap na pang-estetika. May ilang kataliwasang mang ipinukol sa Amaya, mahalagang mapagtanto na ang anumang palabas sa telebsiyon ay isang likhang sining kung kaya't marapat na haluan ito ng makasining na produksiyon ng pagtatanghal.

Gaya ng bidang si Amaya, rekisito sa pagiging binukot na ito ay maputi at maganda (Villan: 2014). Ang binukot ay isang babaeng itinatago sa mata ng publiko at animo'y malaprinsesa ang pagtrato rito (Eye Witness: 2004). Si Ubaldo naman ay ipinahayag na hindi sila (binukot) ordinaryong babae kundi yaong mga itinatangi ng kani-kanilang pamayanan. Ang kanilang husay sa paggawa ng nganga ay kinikilalang isang sining tulad din ng kanilang kahusayan sa paghahabi. Sa mga epiko, ang mga babaeng ito'y makikilala bilang mga binukot at bae, mga itinago at iniingatang babae ng pamayanan. Ang mga babaeng ito, sa ilang pagkakataon ang nagiging asawa ng mga bayani sa epiko (149). Sa mismong palabas na Amaya, sinabing ang isang binukot ay nag-aasawa ng isang bayaning mandirigma. Si Amaya mismo sa katauhan ni Marian Rivera ay maputi at maganda. Ikinulong si Amaya sa kaniyang bukot ng kaniyang ama (Bugna). Maraming gawain ng binukot ang matagumpay na naipakita sa palabas. Kung gayon, napagtagumpayan ng Amaya na maipakita ang isang limot nang kalinangan ng pagbibinukot sa tulong ng pagbuhay nito sa palabas-pantelebisyon.

Kahit sa mga katutubong epiko ay may dalumat na ng binukot. Si Humadapnon mismo ay sinuong ang ilang gubat, ilog at dagat mahanap lamang ang binukot at prinsesang si Nagmalitong Yawa. Kung gayon, taal na konsepto sa kalinangang Filipino ang mga binukot. Hindi ito bunga ng imahinasyon, kahibangan o pantasaya. Matatagpuan ito sa tunay na buhay at realidad ng sinaunang lipunang Filipino. Nagpapatuloy ang ganitong uri ng kalinangan partikular sa Iloilo, Panay at Capiz. Ito ay kultura ng mga katutubo na nangyayari sa mga liblib na lugar at matataas na bahagi ng kabundukan. Sa paghahanap ngayon ng mga binukot, mga lima hanggang pitong bundok ang dapat na akyatin at galugarin upang makita at mahanap ang katutubong kalinangang nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan (Eye Witness: 2004). Ipinagkakait sa mga binukot na masilayan ng araw kaya nga sila maputi. Karagdagan, may mga tagasuklay ang mga binukot, sa kaso ni

Amaya, ang kaniyang oripun na si Ahak. Malambot ang kamay ng mga binukot sapagkat ipinagbabawal sa kanila ang paggawa ng mabibigat na gawaing-bahay. Itinuturing ang mga binukot na pinakamagandang dilag sa kanilang lugar na kadalasan ay anak ng datu o ng isang mataas na pinuno. Ipinagkakasundo rin ang kasal ng isang binukot. Nakadepende ito sa kagustuhan ng kaniyang magulang gaya ng nangyari kina Marikit (sa kagustuhan ni Lamitan) at Bagani (sa kagustuhan ni Mangubat). Saulado rin ng mga binukot ang kanilang sariling sugidanon o epiko maging ang kasaysayan ng lahing pinagmulan nito. Madalas na ginagaya sa pagsasayaw ng isang binukot ang paglipad ng lawin o agila at ipinamapalas niya ito sa mahahalagang okasyon gaya ng piging o kasal.

Sa madaling sabi, may pagtatangka ang palabas na Amaya na ipakita ang buhay ng isang binukot. Bagama't likhang-isip ang buong kuwento, malinaw na nailarawan sa dinidiskursong paksa kung paano mabuhay bilang isang binukot sa tulong ng pangunahing karakter nito na si Amaya. At mahalaga ang kalinangang ito. May epekto ito sa kasalukuyang konteksto. Hindi man ito gagap at ganap na mauunawaan ng lahat sapagkat hindi ito bahagi ng kanilang buhay at karanasan, may mga tao pa ring patuloy na kikilalanin ang halaga nito sa lipunang Filipino. May mga taong patuloy na maghahanap ng kabuluhan nito. May mga taong patuloy na magpapahalaga sa mga binukot. Narito ang ilang patunay at sipi mula sa iba't ibang komento tungkol sa "Huling Prinsesa" ng Eye Witness (2004) mula sa YouTube.

jak frost
[4 months ago](#)

These are who we were. We have been searching for our identity as Filipinos. This is the answer and it should be enriched and preserved.

TheDHEL13
[4 months ago](#)

love it, I have heard of them when I was a kid I hope the traditions are saved
 Reply

ranne jole
[3 months ago](#)

if am not mistaken matagl na itong docu.natanong q s tatay q,totoo daw ito.katuwa namn,naririnig q salita ng tatay q kay lola prinsesa...kung ano man tayo ngayon un ay dahil sa kanila...sana ma-preserve pa ung tirbes and culture in a modernize way.

Ang Oripun sa Amaya

Masasabing bahagi ng kalinangang Filipino ang pagkakaroon ng mga oripun o alipin. Sapagkat may datu o rajah, imposibleng kumawala ang dalumat ng oripun. Ang mga oripun ang naninilbihan sa kanilang panginoon gaya ng mga datu o rajah o iba pang may mataas na katungkulan sa saray ng isang partikular na lipunan. Sa palabas na Amaya, lantaran ang mga oripun. Ang kasuotan ng lalaking oripun ay bahag samantalang palda naman sa mga babae. Ang mga babae ay walang suot na pang-itaas kaya makikita ang kanilang dibdib. Sa kasaysayan ng Filipinas, dalawang uri ng oripun ang kilalang-kilala sapagkat nakatala ito sa mga librong pangkasaysayan. Ito ang aliping namamahay at aliping sagigilid. Sa palabas na Amaya, may bagong tawag o pang-uri sa pinakamababang uri ng oripun, ito ang hayohay.

Mula sa pagiging binukot, naging oripun si Amaya nang salakayin ng pangangayaw nina Mangubat ang banwa ni Datu Bugna (ama ni Amaya). Sa bahaging ito ng kuwento, nagtaksil si Lamitan kay Bugna sa pamamagitan ng pagpaparatang ng isang kasinungalingang pinaniwalaan ni Rajah Mangubat. Isinuplong ni Lamitan kay Mangubat na hindi na naiibigan ni Bugna ang pamamaraan ng pamamalakad ng rajah at diumano ay may pagtatangka ito ng pag-aalsa. Pinaniwalaan ito ni Mangubat kung kaya't naganap ang pangangayaw sa banwa nina Amaya. Nang mapaslang si Bugna ni Mangubat, isa sa binihag nila ay si Amaya. Dahil sa sobrang pagkasuklam ni Lamitan sa mabaw (anak sa labas) na si Amaya at bilang bahagi ng kaniyang paghihiganti, hiningi nito kay Mangubat na maging oripun niya si Amaya.

Bilang alipin, tinanggal kay Amaya ang mga bulawan sa kaniyang katawan. Tinanggalan din siya ng damit pang-itaas bilang katuparan o kahingian ng pagiging isang tunay na oripun, sa anyo at tradisyon. Dito nagsimula ang kalbaryo ni Amaya sa kaniyang panginoon na si Lamitan. Naging sunod-sunuran siya sa mga gustong ipagawa ni Lamitan. Maraming pasakit at pahirap ang naranasan ni Amaya bilang oripun.

Sa kabilang dako, ang pagiging oripun ay ipinakita sa iba't ibang eksena sa Amaya. Bahagi ng isang lipunang katutubo ang mga oripun. Sa positibong pagtingin, ang oripun ay tanggap at bahagi ng kanilang lipunan. Maaaring maging oripun ang isang tao kapag

nabihag siya mula sa pangangayaw. Maaari ding maging oripun ang isang timawa (malayang tao) kapag nakagawa siya ng mabigat na kasalanan o hindi niya kayang bayaran ang multa buhat sa kaniyang pagkakasala. Kapansin-pansin sa mga oripun ang yumukod kapag kaharap nila ang kanilang panginoon. May pantawag din sila sa posisyon ng kanilang puod halimbawa ay rajah, datu o bai. Hindi rin sila basta-basta maaaring tumalikod pagkatapos makipag-usap. Bahagya nilang itatagilid ang katawan saka tuluyang tatalikod. Yumuyukod din ang mga oripun kapag matataas na tao o may katungkulang tao ang kanilang kaharap. Hindi sila pinahihintulutang tumingin nang deretso sa mga taong hindi nila kauri. Mahigpit din na ipinagbabawal ang pagdalo ng isang oripun sa mga piging o pagtitipon. Tanging may matataas na katungkulan lamang ang makakadalo rito gaya ng rajah, datu, tumao, timawa at tumao. Bawal ding umibig ang isang oripun ayon sa palabas na Amaya. Lahat ng pangyayaring ito bilang tagapaglarawan ng/sa buhay ng mga oripun sa palabas na dinidiskurso ay ipinakita sa maraming pagkakataon. Napagtagumpayan ng Amaya na itampok ang uri at paraan ng pamumuhay at pakikitungo ng mga alipin sa kaniyang panginoon. Bagama't likhang-isip ang lahat sapagkat isa itong palabas-pantelebisyon, maliwanag na muling nanumbalik ang dalumat ng mga oripun sa kamalayan ng mga target na manonood ng palabas na ito.

Tapat din ang mga oripun sa kanilang panginoon o amo. Pinaglilingkuran nila ito mula sa pagluluto ng makakain, paglilinis ng bahay, pagkuskos ng papag o sahi, pagpapalit ng damit, pagsuklay sa buhok kapag babae ang panginoon, paghuhugas ng paa, pagsalok ng tubig, paglalaba, pagpapaypay, pagpapayong, pagbabayo ng palay, pagsasagwan at iba pang gawaing-bahay. Mga oripun din ang bumubuhay sa duyan o anumang sasakyan ng kaniyang amo. Sa kaso ng mga binukot, mga oripun ang tagabuhay ng duyan ng mga ito kapag hinihingi ng pagkakataon gaya ng piging o kasal. Karagdagan, ang mga alipin ay pag-aari ng datu o ng kaniyang panginoon na puwedeng ipangkalakal kung kinakailangan. Isa sa mga kaugaliang ipinakita sa palabas na Amaya na hindi maaaring ipagbili ang isang oripun kapag siya ay nagdadalantao. Si Dal'Lang (ina ni Amaya) ay muntikan na sanang ikalakal ni Lamitan (asawa ni Bugna) sapagkat karibal niya ito kay Bugna. Subalit hindi nanaig ang kagustuhan ni Lamitan

sapagkat kapag nangyari yaon ay dalawang buhay ang ikakalalak. Sa ganitong eksena, mahalagang idiskurso na ang isang oripun ay pinapahalagahan din ayon sa kaniyang katayuan at silbi sa lipunan. May mga batas ding ipinapatupad para sa kanila. Maituturing na krimen ang pagtakas ng isang oripun sa kaniyang panginoon. Katumbas ito ng parusang kamatayan kapag nahuli ang oripung nagtangkang tumakas.

Maaari ding matimawa o mapalaya ang isang oripun kapag nabayaran na niya ang kaniyang pagkakautang o kung may pambihira siyang nagawa para sa kaniyang pinagsisilbihan. Halimbawa kung iniligtas nito ang buhay ng kaniyang panginoon mula sa kamay at banta ng panganib o kapahamakan. Lahat ng ganitong akto ng kalinangang katutubo tungkol sa mga oripun ay naipakita sa palabas na Amaya.

Sa papel ni Isorena (21) mula sa Relation ni Legazpi (2:54-7), inilarawan ang bilang ng mga oripun. Ayon sa artikulong ito, karaniwan na sa isang nayon na may lima, anim o sampung pinuno na ang bawat isa ay may dalawampu o tatlumpung alipin na maaari niyang ipagbili o tratuhin sa anumang paraang naisin niya. Nakasalalay sa bilang ng alipin ang kapangyarihan ng isang rajah o datu. Dagdag pa ni Isorena (21) mula kay Artieda (197) na “ang may pinakamaraming alipin ang siyang pinakamakapangyarihan.”

Muli, bagama’t likhang-isip ang mga pangyayari tungkol sa buhay ng mga oripun, may pagtatangka ang Amaya na ilarawan ang isang katutubong kalinangan sa tulong ng mismong wika at mga eksena sa palabas na dinidiskurso.

Ang Pangangayaw sa Amaya

Unang eksena pa lamang sa palabas na Amaya ay ipinakita na ang pangangayaw. Isa itong uri ng paglusob at pagkubakob sa isang lugar sa pamumuno ng isang rajah o datu. Madugo itong labanan na nag-iiwan ng maraming kamatayan sa isang lugar na naging biktima ng pangangayaw (gayundin sa panig ng mga nangayaw, hindi maiwasang may mamatay rin sa kanila). Bilang kinakatakutang rajah, maraming banwa ang ginawan ng pangangayaw ni Mangubat. Dahil sa taglay niyang kaisugan, kakaibang lakas, liksi at kapangyarihang pumatay gamit lamang ang daliri, madali niyang nagagawa ang pangangayaw kasama

ang kaniyang mga sandig o kawal. Sa pangangayaw na nagaganap, ipinapakita na sumasakay sa karakoa ang mga angaway o mandirigma patungo sa lugar na kanilang puntirya. Bago tuluyang mangayaw, hinihingi muna nila ang basbas o pahintulot mula sa punong babaylan. Nasa punong babaylan ang pagpapasiya kung dapat ba o hindi dapat ipagpatuloy ang isang planong pangangayaw. Walang puwang ang awa sa isang pangangayaw. Lahat ng kalaban ay pinapatay. Kung may ititira mang buhay ay nakalaan upang maging alipin. Sa pangangayaw, kinukuha lahat ng mahahalagang ari-arian sa lugar na nilusob o sinakop. Ang mga babae, matatanda at bata ay kinukuha o binibihag bilang alipin. Matapos ang pangangayaw, pinaghahati-hatian ang anumang nakuha sa gawaing ito. Pinaghahatian din nila ang mga nabihag at tuluyang nagiging oripun. Ang iba naman sa mga bihag ay kinakalakal. Matapos ang pangangayaw, nagkakaroon ng ritwal ng pagbabatuk ang mga sandig o kawal bilang dagdag-patunay ng kanilang kaisugan. Mas maraming batuk ay nangangahulugang mas marami na silang napaslang. Sa palabas na Amaya, ayaw ni Bagani ang pangangayaw sapagkat sa katotohanan ngang pumapatay ito ng mga taong walang kalaban-laban. Kung masusunod lamang si Bagani, mas pipiliin niyang huwag mangayaw ang kanilang puod sapagkat ayon sa kaniya ay lumilikha ito ng mga kaaway kung kaya't nawawala ang kapayapaan sa isang lugar. Isa ring uri ng karahasan ang pangangayaw na maaaring iwasan, dagdag pa ni Bagani mula sa palabas na Amaya. Nagaganap ang pangangayaw kapag nagkaroon ng kasalatang pang-ekonomiya ang isang puod. Napipilitan mangayaw upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang lugar lalong-lalo na kapag mahina ang ani ng palay at huli ng isda. Maging si Amaya ay tutol sa anumang pangangayaw sapagkat namatay nga ang kaniyang ama (si Datu Bugna) sa gawaing ito.

Isang dalumat na paulit-ulit na ipinakita sa palabas na Amaya ang pangangayaw. Kay Villan (736) hango ito sa katagang-ugat na “kayaw” na ang ibig sabihin ay pamumugot ng ulo ng mga itinuturing na kaaway ng kanilang angkan at bayan na bunsod marahil ng mataas na pagpapahalaga sa kamalayan ng paghihiganti. Ang pagtatagumpay ng pangangayaw ay nangangahulugang hakbang sa pagtatamasa ng hinahangad na pananatili at pagpapalawig ng buhay, pag-asam ng kaginhiwaan at pinapangarap na karangalan.

Dagdag naman ni Isorena (18) na isa sa mga seryosong isinaalang-alang na mahalagang salik sa proseso ng pagtatao ng isla (Catanduanes) ay ang pangayaw. Ganap at laganap ang tradisyon ng pangayaw sa lipunang Filipino. Isa sa mga anyo ng pangangayaw ay ang pamumugot ng ulo para sa mga lipunang nasa kabundukan at interyor at ang isa pa ay ang pamimirata at pananalakay sa mga baybayin ng bayan na isinasagawa ng mga lipunang mandaragat. Tanggap ang ganitong gawain ng sinaunang lipunang Filipino; katunayan, isa ito sa mga pinagpipitagang gawain ng mga lalaking makikisig at may kakayahang maglunsad nito.

Nagpatuloy si Isorena sa diskurso ng pangangayaw. Ayon sa kaniya, ang pinakahayag at makapangyarihang ekspresyon ng kultura ng pandaragat ay ang kayaw (12). Isang anyo ng kayaw ay ang kampanya para sa pamumugot ng ulo upang ialay sa namatay o napaslang na datu bilang bahagi ng kanilang ritwal ng pagdadalamhati. Mas maigting ang ganitong uri ng kayaw sa mga katutubong Ilongot, Apayao at Kalinga. Sa mga lipunang mandaragat, ang kayaw ay inilulunsad para sa pambibihag ng alipin, pambibihag ng mapapangasawa at bilang kalakal-salakay (25). Nagtala pa siya ng ilang kabuoang bunga ng digma sa batayang anyo ng kayaw gaya ng: makapagtamo ng maraming bihag upang gawing alipin; ang dami ng alipin (o lakas-paggawa) bilang batayan ng kapangyarihan at yaman; pagtatamo ng hustisya; pagbabanyuhay sa kadakilaan ng barangay; lehitimasyon at balidasyon ng pinuno (datu) 29. Sa ilang pagkakataon, ang kayaw ay inilulunsad din sang-ayon sa layaw ng bagani o bayani ng bayan o ng datu sa layuning ipakita ang kaniyang lakas at kapangyarihan o 'di kaya upang magpasikat at ialay sa sinisinta ang kadakilaan na kaakibat ng pangangayaw (26).

Nais lamang itampok ng diskursong ito na likas na mandirigma ang mga Bisaya. Ito ang pinatunayan sa disertasyon ni Villan (2009) tungkol sa mga pintados. Hindi basta magkakaroon ng batuk o maituturing na pintados ang isang taong hindi nakaranas ng pangangayaw sa sinaunang lipunang Bisaya. Taliwas sa kasalukuyang konsepto na ang mga Bisaya ay katulong, ipinapakita lamang nito ang mataas na pagtingin ng mga Bisaya sa kanilang sarili bilang isang lahi. Sila ay maiisug o matatapang na tao na handang makipagpatayan alang-alang sa pagtatanggol ng kanilang lugar at identidad sa panahong may mga nagtatangkang

sumakop sa kanila.

Sa diskurso ng pangangayaw, matagumpay na naipakita sa palabas na Amaya ang kalinangang ito ng mga katutubong Filipino partikular ng mga Bisaya. Wala mang saktong pangyayari ang makapagpapatotoo sa kasaysayan kung ganitong uri ng pangangayaw ang naganap subalit may pagtatangka ang Amaya na ilahad ito sa paraang kapani-paniwala sa tulong ng mga nakasulat na pag-aaral at kasaysayan.

Ang Batuk sa Amaya

Kaiba sa kasalukuyang panahon, sining o arte ang pangunahing motibo ng pagkakaroon ng tattoo sa iba't ibang bahagi ng katawan ng isang tao. Pero kung tutugaygayin ang nakaraang kasaysayan, mahalagang kalinangang katutubo ang diskurso sa batuk. Sa panahon ngayon, bagama't may konotasyong macho o matapang ang mga lalaki o babaeng may tattoo, malayong-malayo ang dalumat nito sa katutubong tradisyon ng pagbabatuk. Ang batuk ay tumutukoy sa anumang uri ng disenyong ipinininta sa lawas o katawan ng tao sa pamamagitan ng matulis na bagay na itinutusok sa balat ng tao at saka nilalagyan ng itim o bughaw na tinta mula sa katas o dagta. Sa palabas na Amaya, lahat ng sandig (kawal) at angaway (mandirigma) ay may batuk sa katawan. Hindi makakaiwas sa pagkakaroon ng batuk ang mismong mga pinuno ng isang lugar gaya ng rajah o datu. Isa itong kaugaliang minana at ipinasa-pasa sa mga lalaking dumaan sa proseso o akto ng pangangayaw. Ang batuk sa sinaunang kalinangan ay tanda ng katapangan ng isang lalaki. Mas maraming batuk, mas maraming napatay sa pangangayaw ang isang mandirigma. Sa palabas na dinidiskurso, nasambit doon na sagisag ng kapangyarihan mula kay Abba ang pagkakaroon ng unang batuk (sa kaso ni Bagani). Sa basa ng mananaliksik, may ganitong uri ng pagtanaw na sagisag ng kapangyarihan mula sa kanilang diyos na sinasamba ang pagkakaroon ng batuk sapagkat maaaring ikamatay ng sinuman ang gawaing pangangayaw.

Makikita ang batuk sa lahat ng bahagi ng katawan partikular sa mga lalaki mula sa paa, hita, tiyan, kamay, leeg at mukha. Walang rajah o datu na walang batuk. Mula kay Rajah Mangubat, Datu Bugna at marami pang datung ipinakilala at ipinakita sa

Amaya, lahat sila ay nagtataglay ng maraming batuk sa katawan. Maging si Bagani ay nakakuha ng kaniyang unang batuk nang mapaniwala niya ang kaniyang ama (si Mangubat) na pinaslang niya ang oripung ipinag-utos sa kaniyang paslangin. Si Amaya ay nagkaroon din ng batuk nang pinili na niyang humawak ng kampilan. Bilang bidang babae, dumaan din si Amaya sa pakikipaglaban at pakikipagpatayan alang-alang sa banwang kaniyang pinangangalagaan o pinoprotektahan. Nakaranas din siya ng pagsalakay sa ibang banwa bilang paghihiganti sa mga taong nakagawa sa kaniya ng kasalanan at pagkakautang. Hindi maiiwasang lagyan siya ng batuk sapagkat si Amaya mismo ang namuno sa makailang pagsalakay sa puod ni Rajah Mangubat. Kapansin-pansin din na kahit ang punong babaylan (si Uray Hilway) ay may batuk sa kaniyang katawan. Bagama't walang eksena sa palabas na pumatay siya, mahihinuhang bilang mataas na pinuno at bilang punong babaylan na pinagsasanggunian ng pangangayaw, hindi man literal na makapatay ang punong babaylan ay nangangahulugan itong isa siya sa mga dahilan ng maraming tagumpay sa anumang pangangayaw nina Rajah Mangubat. At sa anumang matagumpay na pangangayaw ay nangangahulugan din ng maraming pagdanak ng dugo o kamatayan.

Sa isa sa mga episodio ng Jessica Soho Report sa GMA 7 noong ika-17 ng Marso 2012, itinanghal sa palabas ang Pintados Festival sa Passi, Iloilo. Inilarawan dito ang katutubong kaugalian ng sinaunang kabihasan hinggil sa pagpipinta sa lawas ng isang tao na pinaniniwalaang nag-ugat pa sa panahon bago pa man dumating ang mga Kastila. Pinaniniwalaan ng sinaunang panahon na tanda ng kaisugan o katapangan at pagkakaroon ng mataas na estado sa buhay ang pagkakaroon ng maraming tatak, pinta o tattoo sa lawas ng isang tao. Matagumpay itong nailarawan sa Amaya sa tulong ng mga bida at mismong eksena. Hindi man ito ang saktong anyo ng pagkakaroon ng batuk sa iba't ibang bahagi ng katawan ng tao sa sinaunang lipunan, malinaw na may pinag-ugatan at pinaghugutang tradisyon ang pagpapalabas ng ganitong uri ng katutubong kalinangan na nabakas sa mismong wika, pasalita man o sa pamamagitan ng mismong kilos o gawa ng mga tauhan.

Mapatutunayang bahagi ng kalinangang Filipino ang pagpapataattoo bago pa man dumating ang mga Espanyol. Matatagpuan ito sa iba't ibang bahagi ng kapuluan hanggang sa kasalukuyan.

Kaugnay sa usapin ng batuk, mababasa nga sa Smile Magazine ng Cebu Pacific Airline Company (2014:77) na “According to oral tradition, hand-tapped tattoos- known as batuk in Kalinga- existed in Cordilleras long before the Spaniards colonized the Philippines.” Ito rin ang naging disertasyon ni Villan (2) sa pagsasabing sa patuloy na paghahabi ng malawak na hibla ng ating ating pambansang kalinangan, sisikapin sa pag-aaral na ito na isalaysay ang tila nalibing sa limot na kultura nating “pagbabatik,” “batikan,” “batukan” at/o “patukan” ng mga taong noo’y unang nakasalamuha ng mga Tsino at pagkatapos ng mga Espanyol sa kalagitaang bahagi ng Filipinas- Los Indios Pintados- mga taong ang buong katawan ay masining na natatuan ng simbolikong mga bagay at mga guhit-heometrikal na makikita sa kaniyang paligid-araw, mantra, linyang tuwid, bilog, tatsulok, sagisag, alon-alon at iba pa upang makalikha ng kabuoang larawang naga o bakunawa.

May pagtatangka ang palabas na Amaya na ipinta ang makulay at malalim na tradisyon ng pagbabatuk sa Filipinas. Buhay pa ang tradisyong ito hanggang sa kasalukuyan bagama’t nagbago na ang anyo, kulay, pamamaraan at dahilan ng pagsasagawa nito. Ang malinaw sa diskurso, nangyari sa kalinangang katutubo ang dalumat ng batuk o batikan. Hango ito sa katagang-ugat na “batik” na nangangahulugang pagkukulay sa balat sa pamamagitan ng paggamit ng pinatulis na bagay na itinutusok sa balat matapos itong ilubog sa tinta. Tumutukoy ang idea kung gayon sa mga taong natatuan na ipinapahiwatig ng hulaping “an” kung saan ang kulay ay nasa pagitan ng itim at asul; bunsod ang gayon ng kanilang ipinakitang kahusayan at kadakilaan sa ilalim ng kinagisnang tradisyon sa pangangayaw at pangungubat (Villan:733).

Karagdagan, mababakas sa mga batuk na ito sa iba’t ibang bahagi ng katawan ang paniniwala ng mga tao sa kapangyarihan ng kalikasan. Makikita sa batuk na ito ang larawan ng araw, ang alon ng mga dagat o ilog, ang hugis ng mga bato, puno, dahon, hayop at iba pa. Mahihinuhang may malakas na paggalang ang sinaunang kalinangan sa kapangyarihan ng kalikasan. Sa katunayan, sa aspekto ng pag-aanito, iba’t ibang bahagi ng kalikasan ang kanilang sinamba at pinaniwalaan.

Ang Babaylan sa Amaya

Sadyang maituturing na pinakamakapangyarihang babae sa isang lugar ang babaylan. Nakaatang sa kaniyang balikat ang medisina o panggagamot sa puod na kaniyang nasasakupan. Kasama na rin dito ang usaping espiritwal, pilosopiya, edukasyon, kasaysayan at relihiyon. Siya ang primerang tao na pinagsasanggunian ng isang rajah o datu bago maganap ang anumang pangangayaw. Nasa pahintulot o kapasiyahan ng isang babaylan kung dapat o hindi dapat ituloy ang pangangayaw. May kapangyarihan siyang makita sa kaniyang pangitain kung magtatagumpay o hindi ang isang pagsalakay, paglusob o pananakop. Sa UP Diksiyonaryo (97) binigyang ito ng iba-ibang katawagan gaya ng mumbaki, alpogan, anitera, baylan, baylana, bayok, doronakit, katalonan, maaram, mambunong, mandadawak, mansipok, mirku, munsayaw at shaman.

Bago maging isang ganap na babaylan ay dumaraan muna ito sa yugto ng isang pagsubok. Pagiging alabay ang unang hakbang upang maging isang babaylan. Katuwang ng babaylan ang mga alabay sa mga gawaing nakataang sa kaniyang balikat. Sa palabas na dinidiskurso, isang punong babaylan (Uray Digan) mula sa ibang banwa ang nakakita ng pangitain na isang babaeng may kambal-ahas ang papatay kay Rajah Mangubat. Madalas na sapian ng diwata, umalagad o busaw (engkanto) ang isang babaylan. Sa pagsasanib na ito, nanginginig ang kaniyang buong katawan, medyo panghihinaan at maya-maya'y magwiwika sa ibang tinig. Ang nagwiwikang ito ay ang sumanib sa kaniyang katawan. Matapos ang anumang orakulo o propesiya sa mga posibleng maganap, muling manghihina ang babaylan o pagkaminsan ay hinihimatay nang saglit at muling manunumbalik sa kaniyang dating lakas, anyo at himig.

Sa pisikal na anyo, matandang babae ang isang punong babaylan. May dala siyang tungkod bilang alalay sa kaniyang paglalakad (dulot ng kahinaan at katandaan). Maputi at mahaba ang kaniyang buhok. Kulubot ang mga balat. May iba pang mga babaylan na halos kasintanda rin niya (Uray Hilway) sa palabas na Amaya. Itim ang kulay ng kanilang damit samantalang puti ang mga alabay. Madalas din na may mga balabal sa kasuotan ng mga babaylan at alabay. May sarili silang tirahan at lugar ng pagriritwal.

May sarili ding oripun ang mga babaylan. Lahat ng pangyayaring ito ay masisilayan sa palabas na Amaya. Napakalaking papel ang ginampanan ng mga babaylan kay Amaya lalo na upang matupad ang kaniyang tagna (ang pagpatay kay Rajah Mangubat).

Makapangyarihan ang isang babaylan. Bukod sa panggagamot sa sakit ng katawan, nasa kaniyang kamay rin nakasalalay ang pagpapagaling sa mga sakit na sanhi ng busaw o engkanto. Tanging babaylan lamang ang makakagamot ng sakit na dulot ng busaw. Sa palabas na dinidiskurso, may kani-kaniyang kapangyarihan ang bawat babaylan gaya ng kapangyarihang makabasa ng palad, makarinig ng mga tinig, saniban, makipag-usap sa mga umalagad, makagawa ng gayuma at gamot. Hindi ito maaaring magawa lahat ng iisang babaylan. Mababasa sa ganitong diskurso na sadyang may kani-kaniyang talino at talento ang bawat tao. Hindi maaaring angkinin lahat ng isang tao ang talino at talentong ito. May hangganan ang kapasidad o kakayahan ng isang tao anuman ang uri ng trabahong kaniyang kinabibilangan. Sa madaling sabi, may kani-kaniyang forte o specialty ang bawat nilalang.

Ilan sa mga gawain ng babaylan ang pagpapausok kapag nagriritwal o nag-aanito. Madalas silang magbigay ng atang o handog sa kanilang Abba o Laon. Sa palabas na dinidiskurso, hayagang sinabi na tatlo ang kapangyarihang taglay ng isang babaylan: manggamot, saniban at magdasal. Ang mga babaylan ay midyum, tulay o talaytayan ng mga nilalang sa ibang daigdig. Sila ang paraan o daan upang makipag-usap sa mga kakaibang nilalang gaya ng umalagad, diwata, duwende at iba pang uri ng engkanto. Isang katangi-tanging kakayahan ng mga babaylan ang bawiin ang dungan o kaluluwa ng isang namayapa. Ayon mismo sa punong babaylan (Uray Hilway), “Ang pagiging babaylan ay tinatakda ng mga piling-piling nilalang ng mga umalagad.” Sinabi pa ng isang babaylan sa palabas na Amaya na “Ang babaylan ay hindi pumipili ng uri. Ito’y kalooban ng Mahal na Laon.”

Isa pang makabuluhang inihayag sa palabas na Amaya tungkol sa mga babaylan ay ang kahalagahan sa pagtukoy sa sakit bago makapanlunas. Ipinakita mismo sa Amaya ang paraan ng panggagamot. Isang halimbawa ang pagdama sa pagtibok ng puso na kayang maramdaman ang pinagmumulan ng sakit. Kapagka hindi mabilis at hindi mabagal ang tibok ng puso, walang

karamdaman ang isang tao. Ngunit kung ito naman ay mabagal at mahina, ibig sabihin malapit nang mamatay ang taong iyon. Kapag mabilis ang tibok ng puso, may matinding karamdaman ang maysakit. May tinatawag ding dirigos mula sa palabas na Amaya. Isang uri ito ng panggagamot na ginagawa ng mga babaylan. Pinaliliguan ang maysakit gamit ang mga halamang gamot. Ang lubu-ob naman ay uri ng panggagamot sa tulong ng pagbabad sa mainit na lugar na kadalasang may usok. Ang tayhop naman ay isang uri ng panggagamot na hinihipan ang tainga at balat sa ulo ng isang maysakit. Gayundin ang tuob na isang uri ng panggagamot sa pamamagitan ng buga ng usok.

Sa palabas na dinidiskurso ay itinakdang maging babaylan si Amaya. Nangyari ito nang siya ay namatay at muling nabuhay. Sa paniniwala ng mga babaylan, may tungkuling maging babaylan ang sinumang namatay at muling magbabalik ang dungan. Ito ang naging daan para kay Amaya upang matimawa (mapalaya) mula sa pagkakaoripun. Subalit hindi basta-basta maaaring maging babaylan ang isang naghahangad sa tungkuling ito. Kailangan muna niyang maging alabay o mga napili ng mga babaylan upang turuan at gabayan at ihanda na maging babaylan pagdating ng panahon. Sa madaling sabi, sila ay mga katuwang ng babaylan. Kung tutuosin, lubhang makapangyarihan ang isang babaylan sapagkat lahat ng gagawin ng rajah o datu ay isasangguni muna sa kaniya. Sa panayam kay Villan (2014) kaniyang nabanggit na mas makapangyarihan pa nga ang babaylan kaysa rajah o datu sapagkat hindi makakakilos ang rajah o datu na wala ang basbas ng punong babaylan. Nangyari ang ganitong akto ng kapangyarihan ng babaylan sa palabas na Amaya. Nasa pagpapasiya ni Uray Hilway (ang punong babaylan) ang mga hakbang na isasagawa ni Rajah Mangubat sa kaniyang puod. At upang matamo o maganap ang pagiging babaylan, dumaan muna si Amaya sa pagiging alabay.

Ang landas patungong ganap na babaylan ay hindi madaling gawin. Puno ito ng tinik, pagpapanday ng talino, pawang paggawa at walang humpay na paglilingkod ayon sa palabas na Amaya. Gumagawa rin ng anting-anting ang mga babaylan. Sinasanay sila sa paghihimalad. Maaari silang gumawa ng gamot o lason mula sa mga halaman. Tinuturuan silang mag-usal para sa ikasasagana ng kanilang puod. Sa panahon ng unos, pagtatanim o mga banta ay laging katuwang ng mga babaylan ang pag-usal. Babaylan din ang

nagkakasal sa isang puod gaya ng nangyari kina Bagani at Marikit.

Ilan sa kamangha-manghang ritwal ng babaylan na ipinakita sa Amaya ang kakayahang patayuin ang isang itlog sa dulo ng bato na kung tawagin ay pagtatali. Gayundin ang pag-abyog o pagpapagalaw sa sundang o itak na nakasabit sa dingding o kahoy sa may bubong. Kapag gumalaw ang sundang ay nangangahulugan ng pagsang-ayon at kung hindi ay pagsalungat. May kakayahan din ang babaylan na kausapin ang mga busaw (engkanto) gaya ng ginawa ni Uray Hilway. Nang nais malaman ng punong babaylan kung sino ang babaeng may kambal-ahas na itinagnang papatay kay Rajah Mangubat ay nakipag-usap si Uray Hilway sa pamamagitan ng pagpapagalaw sa apoy.

Malalim at makahulugan ang dalumat ng babaylan sa kalinangang katutubo ng mga Filipino. Matagumpay na naipakita ito sa palabas na Amaya. Sa papel ni Salazar (4) sinabi niyang ang babaylan ay bahagi ng isang estrukturang panlipunan at pang-ekonomiya na umiikot sa gawain ng tatlong sentral na personahe: ang datu, ang panday at ang babaylan o katalonan mismo. Sa palabas na Amaya, naganap ang tatlong gampaning ito sa pamamagitan ni Amaya bilang datu (naging pinuno siya ng mga lumad); panday (tumulong siya sa paggawa ng kampilan) at babaylan (minsan siyang naging alabay). Tinukoy pa ni Salazar (18) ang iba't ibang tungkulin ng isang babaylan sa isang partikular na lipunan gaya ng ang babaylan ang eksperto sa literatura, relihiyon, kasaysayan, sikolohiya, medisina at iba pang agham at gawaing may kinalaman sa mundo ng diwa. Lahat ng tungkuling ito ay matagumpay na naitanghal sa palabas na Amaya. Gayong likhang-isip ang palabas, naipagunita ng Amaya ang isang katutubong kalinangang marahil pinag-ugatan ng kahusayan sa panggagamot sa kasalukuyang panahon. Sa katunayan, may naganap pa ring pag-iral ng paniniwalang ito sa mga babaylan sa anyo na ng mga albularyo at hilot. Ibig sabihin, hindi basta-basta mabubura ang katutubong konsepto ng panggagamot sapagkat may tiyak na kahalagahan at kabuluhan ito sa isang tiyak na lipunang naniniwala at nagtitiwala sa ganitong uri ng makalumang medisina.

Etimolohiya naman ng babaylan ang tinutukan ni Flores (91) na sa Bisaya, higit na kilala ang terminong babaylan mula sa katagang belian o waylan na palasak sa mga Indones lalo na sa mga taga-Java. Nagsudlong naman si Festin (105) na sa tradisyon, hawak

ng mga babaylan ng Katagalugan at catalonan ng Kabisayaan ang pinakamahalagang papel sa katutubong lipunan. Hawak nila ang karunungan dahil sila ang pinunong espiritwal, tagapayo at manggagamot (sa kaso ni Uray Hilway). Sila ang tagapag-ingat ng memorya ng kanilang lahi sa pagpapatuloy ng buhay. Sila ang nagtitiyak na buhay ang mga pagpapahalaga at paniniwala ng kanilang lahi. Mula sa pagtatanim hanggang anihan, mula sa mga ritwal ng pagsilang hanggang sa mga lamay ng paglilibing, binibigyang-bose ng mga babaeng ito ang matatandang katotohanan tungkol sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang dasal, sumpa, awit, kuwento at tula. Sa panig ni Garcia (184) ang babaylan ay nakapaloob sa panahon ng panitikang oral. Hindi lang siya ang babaeng pari, ang manggagamot ng emosyonal, pisikal at espiritwal na karamdaman; siya rin ang ating alagad ng sining dahil siya ay isang manunula/mang-aawit at mananayaw kapag idinaraos niya ang kaniyang mga ritwal. Suot ang kaniyang panritwal na mga kasuotan at mga isinasabit na palamuti sa katawan, sa pakikinig at panonood sa kaniya ay siya ang pangunahing aktres sa tanghalan, bukod pa sa makata't mang-aawit. Panghuli, ang sinabi ni Salanga (61) na sa madaling sabi, ang ritwal ay isang manipestasyon ng pananampalataya. Gayunpaman, ang manipestasyong ito ay nagaganap o natutupad lamang kung may isang karapat-dapat na tauhang magsasagawa o mamumuno. Hindi lahat ng tao ay maaaring mamuno sa isang ritwal. Noong unang panahon, may mga espesyalistang namamahala sa mga ritwal. Sa Tagalog, sila ang catalonan; sa mga Bisaya, sila ang mga babaylan. Sa diskurso nga ni Demeterio (28):

The Malayan Filipinos had priests and more priestesses that led their rituals for their anitos, gods and goddesses. They were called katalonans in Tagalog and babaylans in Visayan. Furthermore, Blumentritt claimed that these Filipinos also had high priests, called sonat, who were ordained from noble families, as well as priestly soothsayers and seers, who were called pangataboans. On the darker side of the spectrum, these sacred people had their counterparts in the persons of the witches and magicians. Manggagaways and mankukulams were responsible in causing diseases on people, while manggagayumas were specialized in making love potions. (Sa akin ang salungguhit.)

May kakaiba naming pagsipat si Madula (1-2) tungkol sa mga babaylan. Ayon sa kaniyang teorya, maaaring lalaki ang babaylan. Hindi ito eksklusibong pagmamay-ari o katungkulan ng babae. Aniya:

Makapangyarihan ang mga babaylan sa sinaunang lipunang Filipino. Sila ang itinuturing na tagapag-ugnay ng mga tao sa espirital na mundo. Anumang kahilingan at kahingian ng isang komunidad ay idinaraan sa mga babaylan. Sa lahat ng mga ritwal at pagdiriwang na isinasagawa, ang babaylan ang siyang nagunguna rito. Kapag maysakit, ang babaylan ang tinatawag upang manggamot. Sa lahat ng ito, masasabing malawak ang saklaw ng kapangyarihan ng mga babaylan. Taliwas sa pangkaraniwang pagtingin sa babaylan, may ilang mga datos ang nagsasabing hindi eksklusibo ang pagiging babaylan sa kababaihan. May mga lalaking babaylan na maaaring tingnan bilang pagsasakasaysayan ng mga baklang Filipino.

Makulay na katutubong kalinangan ang dalumat ng mga babaylan na binigyang-buhay sa palabas na Amaya. Tinangka ng palabas na ito na buhayin sa kamalayan ng kasalukuyang panahon ang tradisyong ito. May pinag-ugatan at pinaghugutan ang mga babaylan bilang tagapaglarawan ng kalinangan hindi lamang ng mga Bisaya kundi maging sa iba't ibang lugar sa Filipinas.

Pagbubuod

Aktuwal na naipakita sa pananalita, anyo at mismong gawa ang kalinangang ito ng mga Filipino sa tulong ng mismong wikang namutawi sa bibig ng mga tauhan sa palabas na Amaya at ang mga eksenang itinapok dito. Nasa mismong ginamit na wika naihayag ang kalinangan ng mga katutubong Filipino.

Kung tutuosin, tunay na nasa wika ang alinmang pagkilala sa kalinangan. Sabi nga ni Timbreza (vii) na ang pilosopiya ng mga tao ay nakapaloob sa kanilang kultura na siyang itinuturo ng mga sosyologo at antropologo. At ang hugis ng pag-iisip ng mga tao ay nakahabi sa kanilang wikang ginagamit, na tahasang kinukuro ng mga dalubwika, estrukturalista at pantas sa wika at hermenyutika.

Sa diskursong isinagawa, naging malinaw at malalim sa isip ng mananaliksik na tunay na imposibleng lumitaw ang isang wika na hindi bahagi ng isang malawak na kultura. Hindi kailanman lilitaw

ang isang konsepto sa pamamagitan ng mismong wika kung hindi ito taal sa dalumat ng isang partikular na kultura. Sabi nga ni Zafra, ang mas mahalaga, sa pagpasok ng ambag mula sa ibang wika sa Filipinas, higit na makikilala ang iba't ibang kultura ng mga Filipino at sa proseso, kolektibo ring nabibigyang-hugis ang ating pagka-Filipino at ang ating pagkabansa (ix). Dagdag pa ni Barrios, pinanatili ko rin ang mga katutubong salita na repleksiyon ng kanilang pagiging nakaugat sa lupa at paniniwala sa kapangyarihan ng kalikasan at ang mga salita tulad ng dalongdong (langis na ginagamit sa panggagamot, babaylan (manggagamot, tagapamagitan sa tao at mga espiritu), lalanhan (boteng may lamang langis na ginagamit sa panggagamot) at kamangyan (maitim na insenso na sinisindihan para matawag ang mga espiritu). Para maitanghal din ang kanilang teknolohiya, pinanatili ko ang mga salitang biday at barangay (uri ng bangkang ginagamit sa mahabang paglalayag), hablón (tela na ginagawang duyan o ablongan), karadulan at paratikan (bahagi ng gong na pinupukpok) at agong at kalatong (mga instrumentong ginagamit sa pagtugtog ng musika). Para sa pagkilala ng kanilang tradisyonal na gawain at katawagang panlipunan, pinanatili ko ang mga salitang binukot (babaeng hindi pinapalabas ng bahay), malangga (binata, binatang datu), buyong (katumbas ng ginoo sa Filipino at uwa (tawag sa babaeng kapatid). Repleksiyon ng kanilang politikal na sistema ang pagpapanatili ng salitang banwa at uripon (124). Gayon din ni Rivera (4) na malaki ang naitulong sa akin ng mga kababayan ko sa Paete, Laguna para sa muling pag-uangkat sa mga lumang salitang ito- na maaaring kaming magkababayan lamang ang magkakaunawaan. Pero hindi ito naging hadlang para gamitin ko sa aking mga katha ang mga Salitang-Paete. Sabihin nang ito'y mga salitang lalawiganin, basta naniniwala akong makadaragdag ito sa kayamanang matatagpuan sa baul ng wika ng ating bayan na pilit sinususian ng pagpapalit dito ng bagong mga salita. Sa tinuran ni Garcia (40) na bukod pa sa natuto ako sa interesanteng paksa ng bawat sanaysay, nalulugod ako sa lengguwahe dahil sa diyalektikal na pag-uugnayan ng isang wikang pambansa at ng isang wikang rehiyonal. Higit pa rito, mas epektibo akong nailapit ng varayting ito sa aking mga rehiyonal na kababayan- mas malapit na naiugnay ako sa kanilang kasaysayan at kultura. Ni Mapanoo (14) na bagama't pinaghihiwalay tayo ng heograpiya, ang mga katutubong wika- ang "ubod" ng ating pagka-

Filipino- ang siya ring magbubuo sa watak-watak nating lipunan.

Napakahalaga ng mga wikang diniskurso upang ipakita, ilarawan at itampok ang katangi-tangi at kamangha-manghang kalinangan ng mga sinaunang Filipino. Tunay na sadyang hindi maipaghihiwalay ang wika at kultura. Isiniwalat ito ni Mangahis na hindi maipagkakaila na laging magkasama ang wika at kultura. Nasasalamon sa wika ang kultura ng isang bansa. May malaking bahaging ginagampanan ang karanasan sa loob ng kultura ng isang tao (61-2); Batnag na may mahigpit na ugnayan ang wika at kultura. Hinuhubog ng kultura ang wika habang ang wika ang sumasalamin sa kultura (13); Gannaban na isa ring dapat isaalang-alang na katangian ng wika ay kabuhol ito ng kultura at kailanma'y hindi dapat ihiwalay sapagkat walang saysay ang kabatiran sa wika kung hindi naman alam ang kultura. Magkagayunman, wala rin naming kabuluhan ang kaalaman sa kultura kung hindi rin naman alam ang wika ng isang bansa. Hindi maihihiwalay ang kultura at ang kontekstong kinapapalooban ng usapan (14); Caup na ang pagpapakahulugan ng wikang Filipino bilang wika na mula sa iba't ibang wika sa Filipinas ay naglalarawan sa hangaring pag-ugnayin ang iba't ibang kultura sa bansa. Mahalagang silipin sa bahaging ito na pinatutunayan ng wikang Filipino ang pagkabuhol ng wika at kultura...Ang pagpasok ng mga katutubong wika sa wikang pambansa ay masasabing pagtanggap din sa mga katutubong kultura at paraan ng pagpapahayag (146); Constantino na ang patuloy na paggamit ng mga lokal na wika sa mahahalagang gawain sa lipunan ang inaakalang solusyon sa pagpreserba sa kultura (10); ni Santos na kung saan may wika ay may kultura at kung saan may kultura ay seguradong may wika. Mula sa ating mga ninuno at sa bakas nilang iniwan, may nasulat man sila o wala, at kahit ibinabatay lamang sa tradisyon ng pagsasalang-dila, malinaw na ang kultura at wika ay magkaugnay at parehong galing sa sinapupunan ng sibilisasyon (4-5) at ni Catacataca na matalik na magkaugnay ang wika at kultura. Hindi maaaring paghiwalayin ang mga ito. Kung ano ang wika ay siyang kultura at kung ano ang kultura ay siyang wika. May kani-kaniyang kultura ang bawat etnikong grupo, lipi, lahi at bansa na ganap na nailalarawan kaugnay ng wika. Kung walang wika, walang kulturang maaangkin ang tao, at sa gayon, kung walang kultura, walang bansang iiral o mabubuhay (42).

Masaklaw na termino ang kultura subalit idinidiin sa diskursong ito na ang mga salitang nabanggit ay mga wikang nakatatak, nagkalamat at nakaugat sa kalinangang katutubo ng mga Filipino. Nakapahalaga ng mga terminong ito sapagkat higit na pagkikilala ito sa sariling kaakuhan at identidad. Hindi sinasabi ng pag-aaral na ito na ito ang kabuoan ng katutubong kalinangan ng mga sinaunang Filipino subalit naniniwala at nagtitiwala ang mananaliksik na ito ay mga representasyon at aproksimasyon kung anong mayroon ang kalinangang katutubo.

Sa diskursong isinagawa, higit na sinasang-ayunan ng mananaliksik ang positibong punto at argumento kung bakit ginamit ang mga partikular na wika bilang tagapaglarawan ng isang tanging kultura. Positibo sa kabuoan ang dating nga mga terminong ito sapagkat makulay na ibinabandila nito ang mga paniniwala, kaugalian, tradisyon, pamumuhay at iba pang gawigawig na mababakas at mababaklas sa nakaraan ng mga katutubong Filipino partikular sa mga Bisaya. Hindi dinala ng palabas na Amaya sa bangid ng alanganin ang kalinangang katutubo. Bagkus itinaas at iwinagayway nito ang ilang mukha ng katutubong pagkakakilanlan. Higit na maiibsan ang kaisipang sungyaw o inferiority complex kung higit na kilala ng isang tao ang kaniyang pinagmulan. Sa panayam kay Villan (2014) kasalukuyan daw na palabas sa Estados ng Amerika ang Amaya sa ilang bahagi nito gaya ng California, Canada at Hawaii. At nang minsang pumunta siya roon ay naroon ang pagmamalaki at pagmamapuri ng mga Filipinong naninirahan doon sapagkat naiuugnay nila ang kanilang sarili. Ito ang tinatawag ni Benedict Anderson na Imagined Communities. Bagama't wala talagang iisang konsepto ng komunidad sa isang lugar halimbawa ang Filipinas, may tila taling nagbubuhol sa mga ito sa pamamagitan mismo ng wika at kulturang pinalulutang bilang pagkakakilanlan. Ito'y kinathang sambayanan na nagbubuhol sa diwa ng pagkakaisa ng mga Filipino bagama't hindi nila kilala ang isa't isa. Sa kabila ng pagkakatatak-watak, naroon ang esensiya ng pagkakatali o belonging. Kung gayon, sakto sa pinag-aaralan ang teorya ng Imagined Communities. Ang imagined communities ay isang komunidad na likhang-isip lamang. Isang kinathang pagkakaisa ng mga tao bilang isang komunidad. Inilahad sa teoryang ito ang terminong kinatha sapagkat kahit magkakasama ang isang grupo ng mga tao sa isang tiyak na lugar, hindi pa rin

nila lubusang kilala ang isa't isa. Ngunit sa kabila ng pader na ito ng paghihiwalay o hindi pagkakakilala, naroon ang dalumat o konsepto na sila ay nasa iisang sambayanan o komunidad. Sa kanilang isip, nananaig ang konsepto ng pagkakaroon ng isang pinagsasaluhang pamayanan sa tulong ng kanilang lahing kinabibilangan, wika, kultura, mito, tradisyon at kasaysayan. Sa kabuoan ito ay komunidad o sambayanan sapagkat sa kabila ng di-pagkakapantay-pantay o anumang karahasang nararanasan ng isang indibidwal, ang komunidad o sambayanan ay lagi nang hinuhulma bilang malalim at pailalim na ugat ng pagkakasundo ng mga taong nasa isang lugar. Sa pagkakapatirang ito, handa ang sinuman na ipakilala at ipaglaban ang bayan, komunidad o sambayanang kaniyang kinaaaniban. May mga taong handang mamamatay sa kinathang sambayanan sa kabila ng hindi nila pagkakakilala nang lubusan sa isa't isa. Sa kinathang sambayanang ito ay binibigkis sila ng nasyonalismo upang mapaniwalang may iisa silang lahi o upang mahalín ang isang pinairal na pambansang wika ng kanilang pambansang pamahalaan at edukasyon. Sa diskurso ng Amaya, mahalagang idiin ang kinathang kasaysayan at sambayanan sa isang epikseryeng likhang-isip. Malinaw na may sariling kinathang-bayan o sambayanan ang kuwento ng Amaya sa kabila ng pagpasok nito ng mga elementong pangkasaysayan na naganap sa Filipinas.

Gaano nga ba kahalaga ang katutubong kalinangan upang pag-aralan lalo na sa kasalukuyan? Kay Santiago, ang pagkilatis sa kalinangan ay nagbibigay-daan sa pagtukoy sa mga palatandaan ng kabihasan/sibilisasyon at mga aspekto at katangian ng kabihasang Filipino (xxi); kay Fajardo na ang kalinangan ng mga unang Filipino ay bunga ng mahabang kasaysayan ng pananakop. Bago pa man dumating ang mga Kastila sa ating bayan, may kinaugaliang kahusayan na nakita sa sari-saring bagay na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay (10). Dagdag pa niyang ang kalinangan ay nakikita sa pamamagitan ng pagpapahayag ng saloobing pang-estetiko at masasabing ang nilalaman nito ay ang mga adhikain, kaisipan, kakanyahan at damdamin ng sambayanan (38). Sa pilosopiya ni Timbreza, ang kulturang minana natin mula sa ating mga ninuno ay naging hulmahan ng ating pag-iisip at pagkatao (vii). Higit sa lahat, ang sinabi ni Sy na kinakailangang maunawaan natin nang lubos ang ating katutubong kalinangan

sapagkat dito nakasalalay ang pagtuklas sa ugat ng ating pagkatao bilang Filipino na siya namang magpapatupad sa ating adhikaing magkaroon ng manonood na Filipinong may iisang pag-iisip at halagahing panlipunan (2).

Bibliyograpiya

- Anderson, Benedict Richard. *Imagined Communities, Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. Philippines: Anvil Publishing, Inc. 2003:6-7. Limbag.
- Almario, Virgilio S. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc. 2010. Limbag.
- Batnag, Aurora E. at Jayson D. Petras. *Teksbuk sa Pagsasalin*. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc. 2009:13. Limbag.
- David, Kara. "Ang Huling Prinsesa." *Eye Witness*. Dokumentaryo. GMA7. 2004.
- Barrios, John E. "Ang Pagsasa-Filipino ng Sugidanon: Isang Ma(pagpa)layang Pagsasalin ng Nilupig na Kaalaman." Antonio, Lilia F. at Aurora A. Batnag. *Pagsasalin: Teorya at Praktika*. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc. 2011:118, 125-126. Limbag.
- Catacata, Pamfilo D. "Ang Wikang Filipino sa Pagpapalaganap ng Pambansang Kultura." *Punla sa Lingguwistikang Filipino*. Lungsod Makati: Grandwater Publications and Research Corporations. 2001: 42-44. Limbag.
- Caup, Dialica L. "Maginged, Midsanao at iba pa: Mahalagang Ambag na Salita ng mga Magindanawon sa Wikang Filipino." *Ambagan 2009, Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas*. Lungsod Quezon: UP Press. 2010:146. Limbag.
- Constantino, Pamela C. "Pluralismo at Kapangyarihan: Isang Adyenda sa Globalismong Pangwika." *Malay Journal*. Maynila: DLSU. 2006: 10. Limbag.
- Demeterio III, F.P.A. *Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies*. Manila: DLSU Publishing House. 2013:27-8. Limbag.
- Domingo, Efren J. *Ang Paghahanap ng Huling Prinsesa: Ang Dahilan ng Pagkawala ng Pagbibinukot sa Bayan ng Tapaz, Capiz. Papel na Binasa sa Pambansang Kumperensiya: GLOCAFIL*. 2012.
- Fajardo, Brenda V. "Ang Sining Biswal ng Pangkaraniwang Tao: Pagpapatibay

- ng Pambansang Pagkakakilanlan." *Philippine Humanities Review*, Rebyu ang Arte at Literatura ng Filipinas. Tomo 2 Bilang1. 1985-1995. Lungsod Quezon: College of Arts and Letters, UP. 1996:10 at 38. Limbag.
- Flores, Ma. Crisanta N. "Birhen ng Manaoag at ang Tradisyon ng Manag-anito." *Mula sa Daluyan Journal*. Lungsod Quezon: UP Press. 2004:91 Limbag.
- Festin, Rowena P. "Ang Babaylan sa Labas ng Maynila." *Malay*. Tomo XXI Blg. 1. Inedit nina Nuncio, Rhoderick V. DLSU Press: Maynila. 2008:101, 102 at 105. Limbag.
- Gannaban, Maria Fe E. "Dalawang Kaso: Kunwari o Halimbawa? Alin sa Dalawa? Sinong Siya? Tao o Bagay?" *Malay, Internasyonal na Journal sa Filipino*. Tomo XXV Blg. 2. Maynila: DLSU. 2013:14. Limbag.
- Garcia, Fanny A. "Mga Varayti ng Wikang Filipino: Ang Kabuluhan Nito sa Wikang Filipino at sa Pagkakaisa ng mga Filipino." *Surinaysay, Wika, Panitikan, Malikhaing Pagsulat, Feminismo, Midya*. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc. 2012:40, 184, 225-226. Limbag.
- Isorena, Efren B "Engkuwentro: Kayaw Kontra Digmang-Galera, 1565-1571." *Malay, Internasyonal na Journal sa Filipino*, Tomo XXVI, Blg. 2. Inedit nina Timbreza, Florentino T. et al. DLSU Press: Manila. 2014: 12, 14, 21, 24, 25, 29. Limbag.
- _____. "Ukol sa Etnikong Pinagmulan ng mga Catandunganon at ang Proseso sa Pagbubuo ng Lipunang Baranganiko." *Malay*. Tomo XVII Blg. 1. Inedit ni Bisa, Simplicio P. DLSU Press: Maynila. 2002:13, 18. Limbag.
- Madula, Rowell D. *Rampa sa Paglaya: Paglalakbay ng mga Bakla sa Sangandaan ng Pakikibaka at Pag-ibig*. DLSU: PH.D. Araling Filipino. 2012:1-2.
- Mangahis, Josefina C. "Ang Makrong Kasanayan sa Filipinolohiya." *Malay, Internasyonal na Jornal sa Filipino*. Tomo XXIII Blg. 2. Maynila: DLSU. 2011:61-62. Limbag.
- Mapanoo, Sherwin A. "Salin-Dila: Pagtatahi sa Kaisahan ng mga Katutubong Wika sa Filipinas." *Mula sa Agung Dyornal*, Tomo VIII, Blg. 4. NCCA: Manila. 2005:14. Limbag.
- Rivera, Frank G. *Sa Wika at sa Gawa: Salita Pati Damdamin saka Teknolohiya*. Camarines Sur. *Papel na Binasa sa Panrehiyong Seminar-Workshop sa Pagtuturo ng Teatro*. 2011: 4.
- Salanga, Elyrah L. "Buhay-Ritwal: Ang Ritwal sa Kamalayan at Kulturang Filipino." *Malay* Tomo XIX, Blg. 3. Inedit nina Buban, Raquel E. et al. DLSU Press: Manila. 2007: 57 at 61. Limbag.
- Salazar, Zeus A. *Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Filipinas*. Lungsod Quezon: BAKAS. 1999:18. Limbag.
- Santiago, Lilia Q. "Introduksiyon." *Philippine Humanities Review*, Rebyu ang Arte at Literatura ng Filipinas. Tomo 2 Bilang1. 1985-1995. Lungsod Quezon: College of Arts and Letters, UP. 1996: xv, xxi. Limbag.
- Santos, Laderas. *Ang Mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Via Kulturang Popular*. Lungsod Baguio. *Papel na Binasa sa PASATAF*. 2010: 4-5.

- Sering, Tara FT (ed). "Marked For Life." Smile Magazine, Cebu Pacific Airline Company. February 2014: 77.
- Soho, Jessica . Jessica Soho Report. GMA7. 17 Marso 2012.
- Ubaldo, Lars Raymundo C. "Buyo, Buyung, at Bae: Ang Pagnganganga sa mga Epikong Filipino." Malay, Internasyonal na Journal sa Filipino, Tomo XXIII, Blg. 2. Inedit nina Timbreza, Florentino T. et al. DLSU Press: Manila. 2011: 142, 145, 149-150. Limbag.
- Timbreza, Florentino T. (pat.). "Mula sa Editor." Malay, Internasyonal na Journal sa Filipino. Tomo XXVI Blgg. 1. Maynila: DLSU. 2013:vii. Limbag.
- Villan, Vicente C . Pintados: Mga Buryong Bisaya sa Armadong Ekspidesyong Espanyol sa Kapuluang Filipinas 1565-1898. Di-nalathalang Disertasyon. Lungsod Quezon: UP Diliman. 2009:2.
- _____. Hangaway: Mga Hukbong Panayanhon sa Himagsikan, 1896-1907. Di-nalathalang masteral tesis. Lungsod Quezon: UP Diliman. 1998.
- _____. Pakikipanayam sa History Consultant sa Amaya. Mayo 2014.
- Zafra, Galileo S. "Introduksiyon." Ambagan 2009, Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas. Lungsod Quezon: UP Press. 2010:ix. Limbag.